

Ang lahat ng simbahang Kristiyano ngayon ay “**nakalimot**” na sumunod sa Kanya dahil sa pangilingin ng araw ng Linggo sa halip na araw ng Sabbath. Dahilan ito kung bakit nais ni Satanas na maliitin ang Utos ng Diyos sa mga simbahang Kristiyano ngayon. Dahilan ito kung bakit partikular niyang inatake ang utos ng Sabbath. Ang pangilingin sa araw na ito ay isang tunay na tanda ng pagsamba sa Diyos na Lumikha. Iyan ang ikinapupoot ni Satanas dahil hinahangad nya ang pagsamba at nais niyang, “magiging gaya ng Kataastaasan.” Isaias 14:14

Bilang Kristiyano, alam nating nais ni Satanas na sambahin siya ng lahat ng tao kaysa sa Lumikha sa simula palang. Ginamit nya ang Pope ng Roma para gawing pamantayan ang pagsunod sa araw ng Linggo. Kapag sinusunod natin na ipangilin ang Linggo ng Simbahang Katoliko, ating kinikilala, sinasang-ayunan, at sinasamba ang Pope gaya ng sinabi sa propesiya na gagawin ng marami. Ngunit malinaw ang sabi ng Bibliya na, “Dapat muna kaming magsitalima sa Diyos bago sa mga tao.” Gawa 5:29 Upang labanan ang Banal na Utos na ito, ipinagmamalaki ni Satanas ang Roma bilang isang tanging simbahan lamang na dapat sundin sa lupa. Subalit wala ni isang talata mula Genesis hanggang Pahayag na nagsasaad na binago ng Diyos ang Kanyang Sabbath tungo sa Linggo. Kaya ito’y patunay ngayon na ang lahat ay sumusunod sa tao imbes na sa Diyos.

“Sabi ng Bibliya, **Alalahanin** mong ipangilin ang araw ng Sabbath. Sabi ng Simbahang Katoliko, **Hindi!** Sa pamamagitan ng banal kong kapangyarihan ay **inalis ko ang araw ng Sabbath**, at inutos sa iyo na ipangilin ang Araw ng Linggo. At narito, **ang buong sibilisadong mundo ay yumuyuko sa magalang na pagsunod sa utos ng banal na Simbahang Katoliko!**” -Father Enright, C.S.S.R. ng Redemptoral College, Kansas City, History of the Sabbath, p. 802.

“...maaari mong **basahin ang Bibliya mula Genesis hanggang Pahayag**, at **wala kang makikitang isang linya na nagpapahintulot sa pagpapakabanal ng Linggo**. Ang **Banal na Kasulatan ay nagpapatupad ng relihiyosong pagdiriwang sa Sabado**, isang araw na hindi natin ibinabanal.” -James Cardinal Gibbons, The Faith of Our Fathers (1917 ed.), pp. 72-73

Kaya, paano ilalagay ang tanda ng hayop sa masuwayin? Dapat munang makuha ng Roma ang kontrol sa lahat na kailangang ahensya ng gobyerno sa buong mundo. Ngunit paano makontrol ni Satanas ang mga karaniwang tao?

Ang **National ID Cards** ay magiging sentro ng sistemang ito ng kontrol. Ang ID cards na ito ay maglalaman ng iyong address, history ng trabaho, edukasyon, kalusugan, lahi, pasaporte, kaarawan, SS#, lisensya, kasarian, relihiyon, at kriminal record. Sa kalaunan, papalitan nito ang iyong credit o debit cards pati ang paggamit ng cash. Pero hindi ito ang “tanda”. Ito’y paraan lang upang “huwag makabili o makapagbili” ayon sa Pahayag 13. Aabot ng hanggang 72 oras nuon ang mga awtoridad para i-freeze ang bank account. At dahil naka-logged in sa global network system ang ID cards na ito, **kaagad** itong mangyayari saan kaman sa mundo.

Sa propesiya, ang **kamay** ay simbolo ng ating indibidwal na kalayaan at kabuhayan. Sabi sa Jeremias 38:23, “hindi ka makakatanan sa kanilang kamay, kundi ikaw ay **mahuhuli ng kamay** ng hari ng Babilonia”. Ecclesiastes 9:10 “Anomang masumpungang gawain ng **iyong kamay**, gawin mo ng iyong kapangyarihan; **sapagka’t walang gawa**, ni katha man, ni kaalaman man, ni karunungan man, sa Sheol, na iyong pinaparunan.” Ang **isip** naman ay kung saan tayo gumagawa ng mga desisyon. Isusulat ng Panginoon ang Kanyang Kautusan “sa kanilang **pagiisip**” ayon sa Hebreo 10:16. Alam mo bang kamakailan lang ay namapa ng Scientists ang utak ng tao? Natuklasan nila na ang ating mga desisyon at paghatol ay ginagawa sa **noo**. Kaya kapag ginamit natin ang ating malayang kalooban at piliing tanggapin ang Utos ng Diyos o utos ng tao, tayo ay natatapan sa noo. Tayo nama’y natatapan sa kanang kamay kapag pinili nating labagin ang Utos ng Diyos ng labag sa kalooban. Kaya ang **tanda** ay desisyon na gagawin ng bawat isa sa hinaharap. Wala itong kaibahan sa ginawang desisyon na pagpili ni Mardocheo, Sadrach, Mesach, Abednego, o Daniel nuong una. Pansinin na inamin mismo ng Roma sa kanilang sariling salita kung ano ang itinuturing nilang tanda:

“Ang **Araw ng Linggo** ang ating **TANDA** ng awtoridad... Ang simbahan ay **mas higit sa Bibliya**, at ang **paglipat na ito ng pangilingin ng Sabbath** ay patunay ng katotohanang iyon.” -Catholic Record of London, Ontario, Set 1, 1923

Ang Vatican City ay isang global government na may 175 sa 192 na bansa na nakipagsundo sa kanya. Aktwal na yumuyuko sa harap ng Pope ang mga presidente, na isang kilos na pagsamba. Dahil lahat ng naniniwala sa Bibliya ay nangingilin ng Linggo kaya sinabi ng Roma na mas mataas sya sa Bibliya. Alam nilang imbento lang ito ng Roma at walang batayan sa Bibliya. Kaya ang Roma ay naniwalang higit sya sa Bibliya dahil ang lahat ay sumasamba ayon sa kanyang idinikta. Inihula sa Pahayag 13:3 na “Ang buong lupa’y nanggilalas sa” Simbahang Romano na sumunod sa kanyang pamumuno. Tatawag ba ng isang batas ang Roma na sasalungat sa Utos ng Diyos tulad ng lahat ng namunong awtoridad na nauna sa kanya? Hindi magkakamali ang propesiya.

“Ang organisasyong ito’y nagmumungkahi sa lahat ng posibleng paraan upang tumulong na **mapanatili ang Linggo bilang isang sibil na institusyon**. Ang ating pambansang seguridad ay nangangailangan ng aktibong suporta ng lahat ng mabubuting mamamayan na panatilihin ang ating Sabbath sa America. **Ang mga batas ng Linggo ay dapat ipatupad.**” -Sipi- “principles contained in the Constitution” (American Sabbath Union), The Lord’s Day Alliance, 25th report (1913), p. 6.

Sinabi ni Pope John Paul II, “Likas na magsisikap ang mga Kristiyano na tiyaking iginagalang ng **“batas sibil”** ang kanilang **tungkulin** na panatilihin banal ang **Araw ng Linggo.**” -Seksyon 67, “Dies Domini”, Hulyo 7, 1998

HULING Salita: Maraming pastor ang walang kaalaman sa propesiyang mga batas ng Linggo o sa mga plano ng Roma dahil hindi ito itinuro sa Seminaryo, o Bible College kaya marami ding Kristiyano ang hindi nakaalam nito sa kanilang simbahan. Ang malungkot na resulta ay dadatnan sila na nasa kadiliman at hindi handa sa pagdating ng Panginoon. Gayunman, kung pagaaralan mo ang propesiya ng Bibliya at susundin ang Panginoon mong Diyos, ikaw ay nasa kaliwanagan at magiging handa.

“Humanda kang salubungin mo ang iyong Dios.” Amos 4:12

09/2023

Bisitahin kami sa www.gospelorder.com



ANO ang paboritong atake ni Satanas sa bayan ng Diyos ang inulat ng Bibliya sa nakaraan? Ginamit niya ang awtoridad ng gobyerno para paulit-ulit na subukin at pilitin ang bayan ng Diyos na labagin ang Kautusan ng Diyos. Sa Ester 3, pinili ni Mardocheo na mamatay sa bitayan kaysa labagin ang ika-2 Utos. Sa Daniel 3, pinili nina Sadrach, Mesach at Abednego ang kamatayan sa nagniningas na humo kaysa labagin ang ika-2 Utos. Sa Daniel 6, pinili ni Daniel ang kamatayan sa yungib ng leon kaysa labagin ang ika-1 Utos. Iningatan ng Diyos ang Kanyang tapat sa lahat ng tatlong okasyon, at iniligtas sila mula sa tiyak na kamatayan.

Si Mardocheo ay pinarangalan at naging "pangalawa" ng hari, at ang kanyang kaaway ay binitay bilang kahalili niya. (Ester 6:11; 8:2,15; 9:4; 10:2,3; 7:9,10) Habang sina Sadrach, Mesach at Abednego ay sinamahan ng Anak ng Diyos, at ang makapitong init na apoy ay hindi nagdulot ng pinsala sa kanila. Ngunit, ang mga lalaking naghagis sa kanila ay namatay sa apoy. (Daniel 3:22-28) Ang mga gutom na leon naman ay pinigilan na saktan din si Daniel. Subalit, ang mga lalaking nagtangkang pilitin si Daniel na magkasala ay itinaon sa yungib kasama ang kanilang mga pamilya upang lamunin ng mga leon. (Daniel 6:22-24)

Sa Bagong Tipan, ang batas ng Roma ay sapilitang nagutos na sambahin ang mga pinunong Romano kaya maraming sumusunod dito dahil sa takot. Sinabi sa Gawa 12:21-22, "At isang takdang araw ay nagsuot si Herodes ng damit-hari, at naupo sa luklukan, at sa kanila'y tumalumpati. At ang bayan ay sumigaw, Tinig ng dios, at hindi ng tao." Naitala sa history ang di-mabilang na mga Kristiyanong namatay sa Coliseum dahil tumanggi na suwayin ang ika-1 Utos kaysa sumamba kay Cesar. Inihula sa Pahayag 13:4 na ang Paganong Roma ay "nagbigay ng kapamahalaan" sa Papa ng Roma. Kaya tulad ng mga Paganong Cesar, ang mga Pope ng Katoliko ay nagpahayag din na sila ay mga diyos. Ito'y naitala sa history:

"... ang superyor na awtoridad at kapangyarihan ng papa ay nagmula sa batas ng mga Cesar." *Lucius Ferraris, Prompta Bibliotheca Canonica, Vol. V, art. "Papa, Article II", inilathala sa Petit-Montrouge (Paris) ni J. P. Migne, 1858 ed.*

"Ang Papa at ang Diyos ay magkatulad, kaya nasa kanya ang lahat ng kapangyarihan sa Langit at lupa." *Pope Pius V, sinipi sa Barclay, Kabanata XXVII, p. 218, "Cities Petrus Bertanous".*

Ginaya ng Vatican ang lumang batas ng Roma at nag-utos ng pagsamba sa Pope at natupad ang propesiya. Sa pagitan ng 538AD-1798AD, ang mga Pope ng Roma ay pumatay ng mahigit 500 milyong tao sa pagtanggap na labagin ang ika-1 Utos.

"Walang Protestante na may masusing pag-unawa sa history ang magtatanggi na ang Simbahan ng Roma ay nagbuhos ng higit na inosenteng dugo kaysa anumang institusyon na umiral sa mundo... Imposibleng bumuo ng isang tumpak na ulat ng bilang ng kanyang mga biktima, at walang kapangyarihan ang imahinasyon upang ilarawan ang kanilang paghihirap." *-W.E.H. Lecky, History of the Rise and Influence of the Spirit of Rationalism in Europe, vol. 2, p. 32, 1910 ed. (Tingnan din ang Catholic Encyclopedia, vol. 12, p. 266.)*

Dahil sa labis na takot sa marahas na simbahang Romano, karamihan sa mga denominasyon hanggang ngayon ay nagtuturo na ang Kautusan ng Diyos ay hindi na kailangan. Bakit nga ba patuloy si Satanas na hinihikayat ang tao na labagin ang Kautusan ng Diyos? Alam niya kasi na ang mga Kristiyanong tumutupad sa Kautusan ay hindi tatanggap ng tanda ng hayop! Ang mga tumanggap ng tanda ay inilarawan sa Pahayag 14:9-11. Sabi dito, "ang ikatlong anghel ay sumunod sa kanila, na nagsasabi ng malakas na tinig, Kung ang sinoman ay sumasamba sa hayop at sa kaniyang larawan, at tumanggap ng kaniyang tanda sa kaniyang noo, o sa kaniyang kamay. Siya rin ang iinom ng alak ng ang poot ng Dios, na ibinubuhos na walang halo sa saro ng kaniyang galit, at pahihirapan siya ng apoy at asupre sa harapan ng mga banal na anghel, at sa harapan ng Cordero: At ang usok ng kanilang pahirap ay napailanglang. hanggang sa magpakailan man: at sila'y walang kapahingahan araw o gabi, na sumasamba sa hayop at sa kaniyang larawan, at ang sinomang tumatanggap ng tanda ng kaniyang pangalan."

Tandaang ito'y tumutukoy sa mga huling araw sa history. Maraming mangangaral na nagtuturo na ang Kautusan ng Diyos ay hindi na kailangan, pero nagsasabing kailangan pa rin ang ika-6 na nagsasabing "Huwag kang papatay". Diba si Jesus mismo ang nagsabing, "Sapagka't katotohanang

sinasabi ko sa inyo, Hanggang sa mangawala ang langit at ang lupa, ang isang tuldok o isang kudlit, sa anomang paraan ay hindi mawawala sa kautusan, hanggang sa maganap ang lahat ng mga bagay." Mateo 5:18. Kaya paanong maaalis ang Kautusan kung kahit isang kudlit ay hindi mawawala sa kautusan? Hindi pa rin naganap ang lahat ng mga bagay. Bumalik na ba si Jesus? Tapos na ba ang mundo? Malinaw na hindi pa. Kaya ang Kautusan ay may bisa pa rin. Sa katunayan, sa 1Juan 2:4, "Ang nagsasabing, Nakikilala ko siya, at hindi tumutupad sa kaniyang mga utos, ay sinungaling, at ang katotohanan ay wala sa kaniya."

Kasunod ng talata tungkol sa parusa ng tumanggap ng tanda ng hayop, ay nagsabi naman, "Narito ang pagtitiyaga ng mga banal, ng mga nagsisitupad ng mga utos ng Dios, at ng pananampalataya kay Jesus." Pahayag 14:12 Ang nakakamangha dito, ang Kautusan ay sinabing tungkulin ng tao sa Ecclesiastes 12:13 na nagsasabi, "Ito ang wakas ng bagay; lahat ay narinig: ikaw ay matakot sa Dios, at sundin mo ang kaniyang mga utos: sapagka't ito ang buong katungkulan ng tao."

Ang plano ni Satanas na ipatupad ang tandang ito sa lahat ng tao ay inilalahad sa Pahayag 13:16-17 na nagsabi, "At ang lahat, maliliit at malalaki, at mayayaman at mga dukha, at ang mga laya at ang mga alipin ay pinabigyan ng isang tanda sa kanilang kanang kamay, o sa noo; At nang huwag makabili o makapagbili ang sinoman, kundi siyang mayroong tanda, sa makatuwid ay ng pangalan ng hayop o bilang ng kaniyang pangalan." Bakit nga ba napakahalaga ng tandang ito, at ano ang aktuwal na katangian nito? Anong kinalaman ng tandang ito sa paglabag sa Kautusan gaya ng maraming beses na ginawa ni Satanas noon na nalaman natin? Naging epektibo naman ito sa kanya noon, kaya bakit hindi ngayon?

Ang mga deklarasyon ng gobyerno ay dapat laging may tanda, o isang opisyal na selyo ng aprubal upang masabing ito'y legal. Ang isang opisyal na selyo ay dapat laging naglalaman ng tatlong katangian upang ituring na legal. Ito ay: 1. **Pangalan** ng opisyal, 2. **Titulo** ng opisyal, 3. **Teritoryo** ng opisyal. Halimbawa, kapag ang Pangulo ng Pilipinas ay pipirma ng

panukalang batas bilang kautusan dapat niya itong lagdaan ng: 1. **Pangalan** "Ferdinand Marcos Jr." 2. **Titulo** "Presidente" 3. **Teritoryo** "ng Republika ng Pilipinas". Ito'y mababasa na, "*Ferdinand Marcos Jr., Presidente, ng Republika ng Pilipinas.*"

Ang Lumikhang Diyos ay meron ding gobyerno at legal na deklarasyon na naglalaman ng Kautusan. Ito'y kumakatawan sa Kanyang Batas, ang Sampung Utos. Sa katunayan, unang-una pa ang Kautusan ng Diyos dahil kinopya lang ng gobyerno ng tao ang istraktura ng gobyerno ng Diyos. Pero maraming ayaw maniwala ngayon. Sa gitna ng Kautusan ay makikita ang tatak ng buhay na Diyos sa ika-4 na Utos. Walang pagkakamali na ang tatak na ito ay matatagpuan sa loob ng "Utos ng Sabbath." Mababasa dito, "**Sapagka't sa anim na araw ay ginawa ng Panginoon ang langit at lupa...**" -Exodo 20:11

Sa maikling salita na iyon na inukit ng sariling kamay ng Diyos sa loob ng ika-4 na Utos, makikita natin ang lahat ng tatlong katangian ng isang opisyal na tatak.

1. Kanyang **pangalan** = ANG PANGINOON (Pansinin sa Kasulatan na sinasabi, "*Ako ang Panginoon: na siyang aking pangalan*" -Isaias 42:8)
2. Kanyang **titulo** = TAGAPAGLIKHA (Pansinin, "*ginawa ng PANGINOON*" sa talata sa itaas)
3. Kanyang **teritoryo** = LANGIT AT LUPA (Pansinin, "*Langit at lupa*" sa talata sa itaas)



Ito ang Kanyang lagda, "*Ang Panginoon, Tagapaglikha, ng Langit at Lupa.*" Ang selyo ng Lumikha ay makikitang malinaw sa Kanyang Utos ng Sabbath. Ito'y isang opisyal na pagkilala sa awtoridad ng Manlilikha. Walang pagdududa dito. Kung ipinapangilin natin ang Kanyang Sabbath, ipinapahayag natin na "aalalahanin ko ang mga gawa ng Panginoon." Awit 77:11 Mababasa sa Exodo 20:8-11, na ang pinakaunang salita ng ika-4 na utos ng Sabbath ay nagtuturong "**alalahanin**" Siya bilang Tagapaglikha na panatiliing banal ang araw na ito.